
# Naglalaman ng mahalagang impormasyon ang sulat na ito. Pakibasa ito nang buo.

Dahil sa hindi pagbabayad ng inyong bill sa tubig, nag-install ng flow restrictor ang East Bay Municipal Utility District (EBMUD) sa inyong serbisyo ng tubig. Overdue na nang 93 araw ang inyong bill sa tubig. Bago mag-install ng flow restrictor, sinubukan ng EBMUD na makipag-ugnayan sa inyo nang maraming beses pero wala kayong naging tugon.

**Tumawag sa Customer Service ng EBMUD sa 1-866-403-2683 o pumunta sa *www.ebmud.com* para bayaran ang inyong bill o mag-set up ng plano ng pagbabayad para maibalik ang buong daloy ng inyong tubig. Kung nakakaranas kayo ng problemang pinansyal, puwede kayong mag-apply sa aming Customer Assistance Program (*www.ebmud.com/customers/customer-assistance-program/*) para malaman kung kwalipikado kayo para sa pinansyal na tulong.**

## PAANO AKO MAAAPEKTUHAN NG FLOW RESTRICTOR NA ITO?





Lubhang binabawasan ng flow restrictor ang daloy ng tubig papunta sa inyong bahay nang tinatayang ½ galon kada minuto. Puwede pa ring kayong uminom, magluto, maligo, at gumamit ng banyo, pero kakailanganin ninyong maghintay nang mas matagal para mapuno ang tubig. Apektado ang lahat ng gripo, banyo, shower, kasangkapang gumagamit ng tubig, at panlabas na hose bib.

## BAKIT MAY FLOW RESTRICTOR SA METRO KO?

Dati, itinitigil ng EBMUD ang serbisyo pagkatapos ng paulit-ulit na pagsubok na makipag-ugnayan sa inyo dahil sa hindi pagbabayad. Para masigurong may tubig kayo para sa mga pangunahing pangangailangan, nag-install ng flow restrictor bilang huling paraan para hikayatin kayong makipag-ugnayan sa EBMUD at magbayad ng inyong bill sa tubig. Isinasaad sa Policy 15A ang mga detalye sa mga sitwasyon kung saan ididiskonekta ang serbisyo sa tubig. Ipinagbabawal sa mga customer na pakialaman ang anumang device ng EBMUD. Kapag ginawa ito, ititigil na ang serbisyo.

## MAHALAGANG IMPORMASYON

Babawasan ng flow restrictor ang pressure ng tubig sa loob ng inyong bahay.



**Mga pocket ng hangin:** Dahil sa mababang pressure ng tubig at daloy nito sa inyong mga tubo, puwedeng magkaroon ng mga pocket ng hangin sa inyong tubo ng tubig, na magdudulot ng pagpisik-pisik ng tubig at kapansin-pansing tunog.

**Kulay ng tubig:** Posibleng magbago ang kulay ng tubig, o puwede kayong makakita ng mga particle na natanggal mula sa loob ng inyong mga tubo. Dapat isagawa ang mga hakbang na ito ngayon at kapag inalis na ang flow restrictor.

- Palabasin ang tubig mula sa gripo hanggang sa wala nang bula at particle bago ninyo inumin ang tubig mula sa inyong gripo. Sa mga normal na kondisyon, puwedeng tumagal nang ilang minuto ang pagpapalabas ng tubig; mas tatagal ito kung may flow restrictor.

**Iwasang masira ang inyong mga kasangkapan:** Habang may flow restrictor, huwag gumamit ng mga kasangkapang gumagamit ng tubig gaya ng mga dishwasher, washer ng damit, ice maker, at panlabas na irigasyon.



**Protektahan ang kalidad ng tubig:** Natutugunan ng tubig ng EBMUD ang lahat ng pamantayan para sa ligtas na inuming tubig kapag pumapasok ito sa inyong bahay. Para protektahan ang kalidad ng tubig sa loob ng inyong bahay pagkatapos maikabit ang flow restrictor, gawin ang mga sumusunod:

- Isang gripo lang ang buksan sa bawat pagkakataon.
- Huwag ilubog ang anumang device ng mga tubo (gaya ng hose, hinahawakang shower head, o pull-out na gripo) sa tubig o anupamang likido.

- Tingnan kung may mga tulo sa loob ng inyong bahay at sa mga linya ng inyong panlabas na irigasyon. Para sa karagdagang impormasyon kung paano maghanap ng mga tulo, pumunta sa *www.ebmud.com/leaks.*

Kung pinaghihinalaan ninyong may kontaminasyon ang inyong tubig, pakuluan ito sa loob ng hindi bababa sa isang minuto at pagkatapos ay palamigin ito bago inumin.
Gumamit ng pinakuluang tubig o bottled water sa pag-inom, pagsesepilyo ng ngipin, at paghahanda ng pagkain.
Makipag-ugnayan sa amin sa 510-287-1842 kung mayroon kayong partikular na tanong tungkol sa kalidad ng inyong tubig.

**Para ibalik ang buong daloy ng tubig, tumawag sa Customer Service ng EBMUD sa 1-866-403-2683 o pumunta sa *www.ebmud.com* para bayaran ang inyong bill o mag-set up ng plano sa pagbabayad.**

R 07-01-26